Bantay Yugto 25
Dapat Makita ng Bantay ang Katarungan ng Dios sa Gitna ng Pangyayari

"1 Ang hula na nakita ni Habacuc na propeta. 2 Oh PANGINOON, hanggang kailan dadaing ako, at hindi mo didinggin? Ako'y dadaing sa iyo dahil sa pangdadahas, at hindi ka magliligtas. 3 Bakit pinagpapakitaan mo ako ng kasamaan, at iyong pinamamasdan ang kasamaan? sapagka't ang kasiraan at pangdadahas ay nasa harap ko; at may pakikipagalit, at pagtatalong bumabangon. 4 Kaya't ang kautusan ay natitigil, at ang katarungan ay hindi lumalabas kailan man; sapagka't kinukulong ng masama ang matuwid; kaya't ang kahatulan ay lumalabas na liko." (Habakuk 1:1-4 KJV)

Ipinarating ni Habakuk ang kanyang reklamo sa Dios at tinatanong niya ang Dios kung bakit hindi Siya kumikilos tungkol sa kasamaan, karahasan, alitan, hidwaan, kawalang katarungan, pagsamba sa dios-diosan, imoralidad, paglalasing, katiwalian, ang mga masama ay nangingibabaw sa mga matuwid, paglayo sa katarungan, atbp. Sa kabila ng lahat ng ito, nanatiling tahimik ang Dios. Ginagawa ng kanyang bayan ang mga kasalanang iyon ngunit hindi Siya kumikilos upang pigilan sila. Nagulat si Habakuk kung bakit kalmado at tahimik ang Dios. Hindi niya makita ang lampas doon. * Maraming beses ay ganito ang nangyayari at tatanungin mo kung bakit nagaganap ang lahat ng kasamaan, imoralidad, kawalang katarungan, katiwalian, karahasan, at digmaan ngunit tahimik ang Dios at mukhang wala Siyang ginagawa. * Ito ay dahil hindi mo pa nakikita nang malinaw kung ano ang mangyayari, kung ano ang magaganap at kung ano ang gagawin ng Dios sa hinaharap. * Huwag kailanman isipin na mananatiling tahimik ang Dios, dahil darating ang oras at haharapin Niya ang mga kasamaan ng mga tao. * Dapat tayong patuloy na matakot sa Dios at gawin ang tama, dahil kahit na tila tahimik ang Dios habang kumakalat ang kasamaan, darating ang panahon na hahatulan ng Dios ang masasama at gantimpalaan tayo sa ating pagsunod sa Kanya.

Si Habakuk ay isang bantay nguit hindi niya agad nakita nang malinaw, kaya nanghimasok ang Panginoon at sumagot sa para linawin ang kanyang mga pagdududa. Sa ***Habakuk 1:1 KJV***, humiyaw ang propeta: ***"2 Oh PANGINOON, hanggang kailan dadaing ako, at hindi mo didinggin? Ako'y dadaing sa iyo dahil sa pangdadahas, at hindi ka magliligtas.!"*** Sumagot ang Dios sa kanya sa ***Habakuk 1:5 KJV)*** sa pagsasabi, ***"5 Mangagmasid kayo sa gitna ng mga bansa, at tumingin kayo at mamangha kayo ng kagilagilalas; sapagka't ako'y gumagawa ng isang gawain sa inyong mga kaarawan na hindi ninyo paniniwalaan bagaman saysayin sa inyo."*** Sinabi ng Dios kay Habakuk na Siya ay magtataas ng isang bansa, na kung saan ay Babilonia, upang lumaban sa lupain kung saan nakita ni Habakuk ang lahat ng hindi matatawarang kasamaan na nagaganap. Narito ang mga detalye ng Sagot ng PANGINOON:

"5 Mangagmasid kayo sa gitna ng mga bansa, at tumingin kayo at mamangha kayo ng kagilagilalas; sapagka't ako'y gumagawa ng isang gawain sa inyong mga kaarawan na hindi ninyo paniniwalaan bagaman saysayin sa inyo.6 Sapagka't narito, aking itinitindig ang mga Caldeo, yaong makapangingilabot at marahas na bansa, na lumalakad sa kaluwangan ng lupa, upang magari ng mga tahanang dako na hindi kanila. 7 Sila'y kakilakilabot at nangakatatakot; ang kanilang kahatulan at ang kanilang karangalan ay mula sa kanilang sarili. 8 Ang kanilang mga kabayo naman ay matutulin kay sa mga leopardo, at mababangis kay sa lobo sa gabi; at ang kanilang mga mangangabayo ay nagtutumulin na may kapalaluan: oo, ang kanilang mga mangangabayo ay nanganggagaling sa malayo; sila'y nagsisilipad na parang aguila na nagmamadali upang manakmal. 9 Sila'y nagsisiparitong lahat sa pangdadahas; ang kanilang mga mukha ay nangakatitig sa silanganan; at sila'y nangagpipisan ng mga bihag na parang buhangin. 10 Oo, siya'y nanunuya sa mga hari, at ang mga prinsipe ay katuyaan sa kaniya; kaniyang kinukutya ang bawa't katibayan; sapagka't nagbubunton siya ng alabok, at sinasakop. 11 Kung magkagayo'y lalampas siya na parang hangin, at magdaraan, at magiging salarin, sa makatuwid baga'y siya na ang kapangyarihan ay ang kaniyang dios." (Habakuk 1:5-11 KJV) Ang pagkilos ng Dios upang parusahan ang kasamaan ng Kanyang bayan sa Jerusalem at Judea ay ang pagpapadala sa kanila ng makapangyarihan at nakakatakot na mga taga-Babilonia upang wasakin sila kasama ang lahat ng detalye na mababasa natin sa kasulatan. Nang ito ay ipahayag sa propeta, nagbago ang tono ni Habakkuk dahil siya ay nabigla sa kung ano ang nangyari at mangyayari pa.

Dito dumating ang pangalawang hinaing ni Habakuk kung paano papatayin ng Dios ang Kanyang sariling bayan gamit ang isang masamang bansa: ***"12 Di baga ikaw ay mula sa walang hanggan, Oh PANGINOON kong Dios, aking Banal? kami ay hindi mangamamatay. Oh PANGINOON, iyong itinakda siya ukol sa kahatulan; at ikaw, Oh Malaking Bato, ay iyong itinatag siya na pinakasaway. 13 Ikaw na may mga matang malinis kay sa tumingin ng kasuwailan, at hindi ka makatitingin sa kasamaan, bakit mo minamasdan ang nagsisigawa ng paglililo, at tumatahimik ka pagka sinasakmal ng masama ang tao na lalong matuwid kay sa kaniya; 14 At kaniyang ginagawa ang mga tao na parang mga isda sa dagat, parang nagsisigapang na walang nagpupuno sa kanila? 15 Kaniyang binubuhat ng bingwit silang lahat, kaniyang hinuhuli sila sa kaniyang dala, at kaniyang pinipisan sila sa kaniyang lambat: kaya't siya'y nagagalak at siya'y masaya. 16 Kaya't siya'y naghahain sa kaniyang lambat, at nagsusunog ng kamangyan sa kaniyang lambat; sapagka't sa***

pamamagitan ng mga yao'y ang kaniyang bahagi ay mataba, at ang kaniyang pagkain ay sagana. 17 Mawawalan nga baga ng laman ang kaniyang lambat, at hindi mahahabag na pumatay na palagi sa mga bansa." (Habakuk 1:12-17 KJV) Sinasabi ni Habakuk sa Dios ***"Ikaw na may mga matang malinis kay sa tumingin ng kasuwailan, at hindi ka makatitingin sa kasamaan, bakit mo minamasdan ang nagsisigawa ng paglililo, at tumatahimik ka pagka sinasakmal ng masama ang tao na lalong matuwid kay sa kaniya;" (Habakuk 1:13 KJV)*** Dito, tinatanong ni Habakkuk ang Dios kung paano Siya mananahimik lamang sa pagpapahintulot sa isang masamang bansa tulad ng mga Babilonio ay sakmalin ang mga tao, ang Kaniyang bayan na mas matuwid kaysa sa kanila. Isa ito sa mga nakakalitong bagay na makikita at masusaksihan natin kahit ngayon kapag ginamit ng Dios ang masasamang tao upang saktan ang Kaniyang bayan, samantalang sila ay gumagawa ng kasamaan at kasalanan laban sa Dios. Ngunit hindi tayo dapat magulat dahil ganoon ang paraan ng Dios sa pakikitungo sa Kaniyang bayan kapag sila ay lilihis sa Kaniyang daan.

Bilang isang bantay, naguguluhan si Habakkuk sa kung ano ang gagawin ng Dios ngunit nagpasya siyang maghintay at magbantay sa sagot ng Dios nang sinabi niya, ***"1 Ako'y tatayo sa aking bantayan, at lalagay ako sa moog, at tatanaw upang maalaman ko kung ano ang kaniyang sasalitain sa akin, at kung ano ang aking isasagot tungkol sa aking daing." (Habakuk 2:1 KJV)*** Kailangan nating gawin ang pareho kapag nalilito tayo sa ilang sitwasyon na hindi natin maunawaan, tanggapin, o maintindihan; kailangan nating maghintay at masdan ang sagot, kilos, at paliwanag ng Dios.

Sa ***Habakuk 2:2-3***, nagbibigay ang Dios ng sagot: ***"2 At ang PANGINOON ay sumagot sa akin, at nagsabi, Isulat mo ang pangitain, at iukit mo na malinaw sa mga tapyas na bato upang makatakbo ang bumabasa niyaon. 3 Sapagka't ang pangitain ay sa panahong takda pa, at nagmamadali sa pagkatapos, at hindi magbubulaan: bagaman nagluluwat ay hintayin mo; sapagka't walang pagsalang darating, hindi magtatagal." (Habakuk 2:2-3 KJV)*** Sinabi sa kanya ng Dios na isulat ang pangitain, at gawin itong malinaw sa mga tapyas na mababasa ng mga tao. Sinabi rin niyang maghintay siya; dahil tiyak na darating ito at hindi ito maaantala.

Sa ***Habakuk 2:4***, ***"nguni't ang ganap ay mabubuhay sa pamamagitan ng kaniyang pananampalataya"*** Sinasabi ng Dios kay Habakuk, na kung may pananampalataya ka, maghihintay ka sa katuparan ng pangitain na Ipinakita at ibinigay Niya sa kanya. Kailangan ng bantay na magkaroon ng pananampalataya upang makapaghintay na makita ang katuparan ng pangitain na ibinibigay ng Dios. Lalo na kinakailangan ang pananampalataya kapag laganap ang kasamaan at kaguluhan.

Higit pang ipinapahayag ng Panginoon ang Kanyang paghuhukom sa masasama at sa bansa na sasalakayin ang Jerusalem:

"4 Narito, ang kaniyang kaluluwa ay nagpapalalo, hindi tapat sa kaniya; nguni't ang ganap ay mabubuhay sa pamamagitan ng kaniyang pananampalataya. 5 Oo, bukod dito'y ang alak ay magdaraya, isang taong hambog, at hindi natitira sa bahay; na lumaki ang kaniyang nasa na parang Sheol, at siya'y parang kamatayan, at hindi masisiyahan, kundi pinipisan sa kaniya ang lahat na bansa, at ibinubunton sa kaniya ang lahat na bayan. 6 Hindi baga ang lahat ng ito ay magbabadya ng talinhaga laban sa kaniya, at ng nakagagalit na kawikaan laban sa kaniya, at mangagsasabi, Sa aba niya na nagpaparami ng di kaniya! hanggang kailan? at nagpapasan siya sa kaniyang sarili ng mga sangla! 7 Hindi baga sila mangagtitindig, na bigla na kakagat sa iyo, at magsisigising na babagabag sa iyo, at ikaw ay magiging samsam sa kanila? 8 Dahil sa iyong sinamsaman ang maraming bansa, lahat ng nalabi sa mga tao ay magsisisamsam sa iyo, dahil sa dugo ng mga tao, at dahil sa karahasang ginawa sa lupain, sa bayan at sa lahat ng nagsisitahan doon. 9 Sa aba niya na nagiimpok ng masamang pakinabang para sa kaniyang sangbahayan, upang kaniyang mailagay ang pugad niya sa itaas, upang siya'y maligtas sa kamay ng kasamaan! 10 Ikaw ay naghaka ng ikahihiya ng iyong sangbahayan, sa paghihiwalay ng maraming tao, at ikaw ay nagkasala laban sa iyong sarili. 11 Sapagka't ang bato ay dadaing mula sa pader, at ang tahilan mula sa mga kahoy ay sasagot. 12 Sa aba niya na nagtatayo ng bayan sa pamamagitan ng dugo, at nagtatatag ng bayan sa pamamagitan ng kasamaan. 13 Narito, hindi baga dahil sa PANGINOON ng mga hukbo na ang mga tao ay nagsisigawa para sa apoy, at ang mga bansa ay nangagpapakapagod sa walang kabuluhan? 14 Sapagka't ang lupa ay mapupuno ng kaalaman ng kaluwalhatian ng PANGINOON, gaya ng pagtakip ng tubig sa dagat. 15 Sa aba niya na nagpapainom ng alak sa kaniyang kapuwa, na idinadagdag mo ang iyong kamandag, at nilalasing mo rin naman siya, upang iyong mamasdan ang kaniyang kahubaran! 16 Ikaw ay puno ng kahihiyan, at hindi ng kaluwalhatian: uminom ka naman, at maging gaya ng isang hindi tuli; ang saro ng kanan ng PANGINOON ay mababalik sa iyo, at kasuklamsuklam na kahihiyan ang mahahalili sa iyong kaluwalhatian. 17 Sapagka't ang pangdadahas na ginawa sa Libano ay tatakip sa iyo, at ang panggigiba sa mga hayop na nakatakot sa kanila; dahil sa dugo ng mga tao, at dahil sa pangdadahas na ginawa sa lupain, sa bayan, at sa lahat na nagsisitahan doon. 18 Anong napapakinabang ng larawang inanyuan na yao'y inanyuan ng manggagawa niyaon; ng binubong larawan, na tagapagturo ng mga kasinungalingan, na tinitiwalaan ng nagaanyo sa kaniya, na gumawa ng mga piping diosdiosan? 19 Sa aba niya na nagsasabi sa

kahoy, Gumising ka; sa piping bato, Bumangon ka! Magtuturo baga ito? Narito, nababalot ng ginto at pilak, at walang hinga sa loob niyaon. 20 Nguni't ang PANGINOO'Y nasa kaniyang banal na templo: tumahimik ang buong lupa sa harap niya." (Habakuk 2:4-20 KJV) Dito malinaw na ipinahayag ng Dios ang kasamaan ng mga BabilonIo at ang Kanyang paghuhukom at parusa sa kanila dahil sa kanilang masasamang gawa. Kaya malinaw sa atin dito na kapag ginamit ng Dios ang masasamang tao o bansa upang parusahan at harapin ang Kanyang bayan, hindi Niya hahayaang lumabas na walang parusa ang mga taong iyon o bansang iyon dahil sa kasamaan nilang ginawa. Ngunit tinitiyak Niyang matanggap nila ang nararapat sa kanilang kasamaan.

Sa mga sinabi ng Dios kay Habakuk sa kabanata 2, naging malinaw sa kanya ang mga bagay at nakita niya ang pangitain ng malinaw, at nang makita ni Habakuk ang pangitain, siya ay tumahimik. Pagkatapos ng panahong iyon ng katahimikan, pumasok si Habakuk sa panalangin. Ito ay isang awit-panalangin. Lalo pang lumakas ang kanyang pananampalataya matapos niyang maunawaan kung ano ang nangyayari. Kapag nakakita ang isang tao ng pangitain mula sa Panginoon at nagsimulang maunawaan, lumalakas ang kanyang pananampalataya at nagbabago ang paraan ng kanyang pananalangin. Halimbawa, sa simula, si Habakuk ay nananalangin, ***"O PANGINOON, hanggang kailan" (Habakuk 1:2)*** Hindi siya makapaghintay na makita ang pagpapairal ng katarungan. Pagkatapos, nang tunay niyang maunawaan kung ano talaga ang kahulugan ng katarungan ng Dios at kung paano Niya ipapataw ang Kanyang paghuhukom tulad ng aming inilarawan, handa na siyang manalangin, ***"sa galit, alalahanin ang awa." (Habakuk 3:2 KJV)*** Basahin natin ang buong kabanata:

"1 Panalangin ni Habacuc na propeta, itinugma sa Sigionoth. 2 Oh PANGINOON, aking narinig ang kagitingan mo, at ako'y natatakot: Oh PANGINOON, buhayin mo ang iyong gawa sa gitna ng mga taon; Sa gitna ng mga taon ay iyong ipabatid; Sa kapootan ay alalahanin mo ang kaawaan. 3 Ang Dios ay nanggaling mula sa Tema, At ang Banal ay mula sa bundok ng Paran. (Selah) Ang kaniyang kaluwalhatia'y tumakip sa langit. At ang lupa'y napuno ng kaniyang kapurihan. 4 At ang kaniyang ningning ay parang liwanag; Siya'y may mga sinag na nagbubuhat sa kaniyang kamay; At doo'y nakukubli ang kaniyang kapangyarihan. 5 Sa unahan niya'y nagpapauna ang salot, At nagniningas na baga ang lumalabas sa kaniyang mga paa. 6 Siya'y tumayo, at sinukat ang lupa; Siya'y tumingin, at pinaghiwalay ang mga bansa; At ang mga walang hanggang bundok ay nangalat; Ang mga burol na walang hanggan ay nagsiyukod; Ang kaniyang mga lakad ay gaya noong araW. 7 Nakita ko ang mga tolda sa Cushan sa pagdadalamhati; Ang mga tabing ng lupain ng Madian ay nanginig. 8 Kinasasamaan baga ng loob ng PANGINOON ang mga ilog? Ang iyo bagang galit ay laban sa mga ilog, O ang iyo bagang poot ay laban sa dagat, Na ikaw ay sumakay sa iyong mga kabayo, Sa iyong mga karo ng kaligasan? 9 Ang iyong busog ay nahubarang lubos; Ang mga panunumpa sa mga lipi ay tunay na salita. (Selah) Iyong pinuwangan ng mga ilog ang lupa. 10 Ang mga bundok ay nangakakita sa iyo, at nangatakot; Ang unos ng tubig ay dumaan: Inilakas ng kalaliman ang kaniyang tinig, At itinaas ang kaniyang mga kamay sa itaas. 11 Ang araw at buwan ay tumigil sa kanilang tahanan, Sa liwanag ng iyong mga pana habang sila'y nagsisiyaon, Sa kislap ng iyong makinang na sibat. 12 Ikaw ay lumakad sa mga lupain sa pagkagalit; Iyong giniik ang mga bansa sa galit. 13 Ikaw ay lumabas sa ikaliligtas ng iyong bayan, Sa ikaliligtas ng iyong pinahiran ng langis; Iyong sinugatan ang pangulo ng bahay ng masama, Na inililitaw ang patibayan hanggang sa leeg. (Selah) 14 Iyong mga pinalagpasan ng kaniyang sariling mga sibat ang ulo ng kaniyang mga mangdidigma: Sila'y nagsiparitong parang ipoipo upang pangalatin ako; Ang kanilang kagalakan ay sakmaling lihim ang dukha. 15 Ikaw ay nagdaan sa dagat sa iyong mga kabayo. Sa bunton ng makapangyarihang tubig. 16 Aking narinig, at ang aking katawan ay nanginginig, Ang aking mga labi ay nangatal sa tinig; kabuluka'y pumapasok sa aking mga buto, at ako'y nanginginig sa aking dako; Sapagka't ako'y kailangang magtiis sa kaarawan ng kabagabagan, Sa pagsampa ng bayan na lumulusob sa atin. 17 Sapagka't bagama't ang puno ng igos ay hindi namumulaklak, Ni magkakaroon man ng bunga sa mga puno ng ubas; Ang bunga ng olibo ay maglilikat. At ang mga bukid ay hindi magbibigay ng pagkain; Ang kawan ay mahihiwalay sa kulungan, At hindi na magkakaroon ng bakahan sa mga silungan: 18 Gayon ma'y magagalak ako sa PANGINOON, Ako'y magagalak sa Dios ng aking kaligtasan. 19 Si Jehova, na PANGINOON, siyang aking lakas; At ginagawa niya ang aking mga paa na gaya ng sa mga usa. At ako'y palalakarin niya sa aking mga mataas na dako. Sa Pangulong Manunugtog, sa aking mga panugtog na kawad." (Habakuk 3:1-19 KJV) Ang pangitain na nakita ni Habakuk sa kabanata 3 ay pangitain mismo ng Dios. Nang makita ng propeta ang Dios, nakikita niya ang isang paunang sulyap ng huling pagdating ng paghuhukom ng Panginoon. Sinabi niya, ***"Aking narinig, at ang aking katawan ay nanginginig, Ang aking mga labi ay nangatal sa tinig; kabuluka'y pumapasok sa aking mga buto, at ako'y nanginginig sa aking dako;" (Habakuk 3:16 KJV)*** Napagtanto ni Habakuk na hahatulan ang bayan ng Diyos, at isa siya sa kanila. Kaya't siya ay nanalangin at ninais na siya ay mapatawad kapag dinala na ng Dios ang Kanyang paghuhukom, ayon sa kaniyang sinabi, ***"Sapagka't ako'y kailangang magtiis sa kaarawan ng kabagabagan, Sa pagsampa ng bayan na lumulusob sa atin." (Habakuk 3:16 KJV)*** Sa parehong paraan, kumilos, manalangin at hilingin sa Dios na iligtas ka kapag ipinapadala Niya ang Kaniyang paghuhukom. Si Habakuk bilang isang bantay, nang makita niya nang malinaw ang pangitain ng Dios, lahat ng kanyang mga tanong at pagdududa ay nasagot at isinuko niya ang kanyang kalooban sa Dios at tinapos ang kanyang panalangin at kanta sa ganitong paraan, ***"16 Aking narinig, at ang aking katawan ay nanginginig, Ang aking mga labi ay nangatal sa tinig; kabuluka'y pumapasok sa aking mga buto, at ako'y nanginginig sa aking***

dako; Sapagka't ako'y kailangang magtiis sa kaarawan ng kabagabagan, Sa pagsampa ng bayan na lumulusob sa atin. 17 Sapagka't bagama't ang puno ng igos ay hindi namumulaklak, Ni magkakaroon man ng bunga sa mga puno ng ubas; Ang bunga ng olibo ay maglilikat. At ang mga bukid ay hindi magbibigay ng pagkain; Ang kawan ay mahihiwalay sa kulungan, At hindi na magkakaroon ng bakahan sa mga silungan: 18 Gayon ma'y magagalak ako sa PANGINOON, Ako'y magagalak sa Dios ng aking kaligtasan. 19 Si Jehova, na Panginoon, siyang aking lakas; At ginagawa niya ang aking mga paa na gaya ng sa mga usa. At ako'y palalakarin niya sa aking mga mataas na dako. Sa Pangulong Manunugtog, sa aking mga panugtog na kawad." (Habakuk 3:1-19 KJV) Si Habakkuk, habang nagtitiwala sa Dios, ay nagalak at natuwa sa kahit anumang kahahantungan na dalhin ng Dios.

Sa aking Mahal at Minamahal: * Kung dumadaan ka sa mahihirap na panahon at nakikita ang kasamaan na ginagawa ng mga tao, lalo na ang bayan Dios, ipanalangin mo at humiyaw sa Dios at ipapakita Niya sa iyo ang isang pangitain na malinaw na nagsasalita tungkol sa paghuhukom ng Dios at kung paano Niya haharapin ang mga ganitong bagay nang may katarungan. * Haharapin ng Dios ang Kanyang bayan, Kanyang mga lingkod at manggagawa na ang mga pamumuhay at aral ay nagtutulak sa kasalanan at kasamaan, lalo na ang mga nagtutulak at nagbibigay pahintulot sa mga imoralidad sa anyo ng katipang lalaki, katipang babae, pakikipagtipan, panliligaw, diborsiyo at muling pag-aasawa, solong ina o ama na pinapayagang mag-asawa hindi sa ama o ina ng kanyang anak o mga anak, at ang mga nagtataguyod ng mga pista na iniaalay sa mga dios-diosan tulad ng pagdiriwang ng kaarawan, Pasko, Bagong Taon, Araw ng mga Puso, Araw ng Ama, Araw ng Ina, Halloween, at ang iba pang mga araw ayon sa kultura ng mga tao, at sa mga tumatanggap at nagpapaubaya sa mga homosekswal at transgender na pananaw at kasal. Tiyakin na balang araw haharapin ng Dios ang Kanyang bayan sa Kanyang sariling paraan at pamamaraan. * Kaya't magalak sa Panginoon at isuko ang iyong kalooban sa Dios at kumanta at manalangin sa Kanya na sana mailigtas ka sa mga problema kapag hinatulan Niya ang masasama at kapag hinatulan Niya ang Kanyang bayan sa kanilang mga kasalanan, sa kanilang pagsamba sa dios-diosan, kanilang mga pista na iniaalay sa kanilang mga dios-diosan, kanilang imoralidad at kanilang mga homosekswal at transgender na kasalanan. Manalangin tayo.. .

Ang aking Panalangin: *Amang Dios Ako'y lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sak krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay na maguli mula sa mga patay noong ikatlong araw upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon, salamat sa iyong Salita na tumutulong sa akin na makita ang iyong presensya, at na ikaw ay may ganap na kapangyarihan sa lahat ng kaguluhan, kasamaan, at mga kasalanang laganap. Panginoon, salamat sa lahat ng pagsaway, pagtutuwid, at mga paalaala na natanggap namin mula sa iyo.*

Ipahayag at itakwil ko ang aking mga kasalanan. Ipahayag ang aking mga pagdududa, alalahanin, at kakulangan sa pananampalataya. Ipahayag ang aking pagiging makamundong nilalang at ang aking pagmamahal sa mga materyal na bagay. Ipahayag at itakwil ang aking pagnanasa at mga imoralidad. Ipahayag ang aking pagsamba sa dios-diosan at ang paglahok sa mga handog na pista para sa mga dios-diosan. Ipahayag at itakwil ang aking kayabangan, kasakiman, at pagmamahal sa pera. Ipahayag ang aking kakulangan sa pagbabasa ng Bibliya at kakulangan sa panalangin. Ipahayag at itakwil ang aking pagkaalipin ng Media at mga kaibigan. Ipahayag ang paggawa ng sariling kagustuhan at plano at hindi ang kalooban at plano ng Dios. Panginoon, patawarin mo ako, ipahayag at itakwil ko ang mga sumusunod na kasalanan _____.

Mahal na Panginoon, talagang nahihirapan ako sa kasamaan na nakikita ko sa paligid ko at ito ay laganap. Panginoon, ako ay nabibigatan sa iba't ibang kasalanang ginagawa ng iyong bayan sa pagsamba sa mga dios-diosan ng mundong ito at sa kanilang mga pista para sa mga dios-diosang ito, sa kanilang mga sekswal na imoralidad at sa kanilang pagtanggap sa homosekswal at transgender na gawi at kasal. Panginoon, inialay ko ang aking buhay at aking kalooban sa iyo. Panginoon, tulungan mo akong maunawaan at magkaroon ng pangitain mula sa iyo at paniniwala kung paano mo hahatulan ang lahat ng masasamang gawaing ito. Panginoon, palakasin mo ang aking pananampalataya upang patuloy kong ipamuhay ang aking buhay para sa iyo. Panginoon, inaalay ko ang aking sarili na yumaon at paglingkuran ka at ipahayag ang iyong Salita. Panginoon, protektahan mo ako at iligtas sa mga problema sa oras na hatulan mo ang lahat ng mga kasalanang ito. Panginoon, bigyan mo ako ng mabuting kalusugan, lakas at kabuhayan upang patuloy kitang paglingkuran, ito ang aking panalangin sa pangalan ni Jesus, Amen.

Panginoon, salamat sa aking mga kapatid na lalaki at babae na isinuko ang kanilang buhay at kalooban sa iyo at nagpasya na ipagpatuloy ang buhay na ito na buong pagtitiwala sa iyo at sa mabubuting plano na mayroon ka para sa kanila at para sa iyong bayan. Panginoon, ilayo sila sa mga suliranin, at patuloy na protektahan sila at ibigay ang kanilang mga pangangailangan upang patuloy silang makapaglingkod sa iyo.

Panginoon, pagpalain mo kami bilang isang simbahan at tulungan kaming patuloy na dumaan sa makitid na pintuan at makitid na daan na inilaan mo para sa amin. Panginoon, habang isinusuko namin sa iyo ang aming

mga buhay at kalooban, iligtas mo kami sa kapahamakan kapag hinatulan mo ang iyong bayan at ang masama. Panginoon, puspusin mo kami muli ng Banal na Espiritu, palakasin ang aming pananampalataya at tiwala sa iyo, at tulungan kaming mangaral, gumawa ng mga bagong disipulo at magturo ng mga bagong manggagawa. Panginoon, tulungan mo kaming magtanim ng mga bagong pag-aaral ng Bibliya at mga bagong kapisanan para sa simbahan. Panginoon, hinihiling namin na marami pang tao ang mabautismuhan sa tubig at marami pang tao ang makatanggap ng bautismo sa Banal na Espiritu. Panginoon, ihanda kami sa iyong pagbabalik upang kapag dumating ka ay handa na kaming sumama sa iyo. Panginoon, tuparin mo ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon, pagpalain mo kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas mo kami mula sa kapahamakan upang hindi kami maramdaman ang sakit. Nawa ang ang biyaya ng Panginoong Jesus, ang pag-ibig ng Dios, at ang pakikisama ng Banal na Espiritu ay sumain sa amin lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com